

# #RoadToAdulthood: Isang Pagsipat sa Danas ng Pagsapit ng Kamuwangan sa Pelikulang Milenyal Na #Y

**Christopher Bryan A. Concha**

Pamantasang De La Salle, Maynila  
christopher\_concha@dlsu.edu.ph

**Mariz S. Autor**

Pamantasang De La Salle, Maynila  
mariz\_autor@dlsu.edu.ph

## ABSTRAK

Tinatalakay ng isang *coming of age film* ang naratibo ng transisyon ng isang karakter mula sa pagbibinata o pagdadalaga (*adolescence*) túngo sa ganap na gulang (*adulthood*). Sa Pilipinas, isa ang pelikulang #Y (2014) ni Gino Santos sa mga kinikilalang halimbawa ng *Filipino coming of age film*. Kaiba sa mga nauna rito tulad ng *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros* (2005) ni Aureus Solito, espesipikong ginamit ni Santos ang perspektiba ng henerasyong Milenyal, partikular na ang mga nasa gitnang-uri. Tinalakay niya rito ang iláng napapanahong isyu ng kabataang Milenyal tulad ng pagtaas ng bílang ng mga nagpapakamatay. Sa ganitong diwa, nilalayon ng papel na sipatin kung paano ipinakita sa pelikulang #Y ang pagdanas at/o pagharap ng mga karakter na Milenyal sa yugto ng *coming of age*. Tinangkang sagutin ng saliksik ang sumusunod na katanungan: (a) ano-anong imahen ng kabataang Milenyal ang sinasalamin ng pelikula; (b) ano-anong karanasan ng kabataang Milenyal ang binibigyang-diin sa pelikula; at (c) paano naapektuhan ng mga danas na ito ang pananaw at paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga pangunahing tauhan. Isinakatuparan ang pag-aaral gámit ang metodong iminungkahi ni Jens Eder sa pagsusuri ng mga tauhan sa pelikula. Ipinaliwanag naman ang mga nakalap na datos sa gabay ng konseptong paglalabintaunin ni Virgilio Enriquez batay sa paliwanag ni Roberto Javier, Jr. at ng teoryang *Emerging Adulthood* ni Jeffrey Arnett. Bahagi ang saliksik na ito ng mas malaking proyektong naglalayong ilarawan ang genre ng *coming of age film* batay sa karanasan at kulturang Pilipino.

**Mga Susing Salita:** *Coming of Age*, Milenyal, *Emerging Adulthood*, Sikolohiyang Pilipino, Pagsusuring Pampelikula

## PANIMULA

Sa disertasyon ni Matthew Schmidt na *Coming of Age in American Cinema: Modern Youth Films as Genre*, binakás niya ang pagsisimula ng *coming of age films* sa Amerika. Ginamit niyang datos ang mga pelikulang naipalabas sa Amerika noong Dekada 50 hanggang Dekada 90. Tinalakay niya rito ang tinatawag na *juvenilization of cinema* sa Hollywood nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa panahong ito, maraming *filmmaker* ang lumikha ng pelikulang nakapokus sa *baby boomers* (ipinanganak mula 1946-1964) sapagkat sila ang bumubuo ng pinakamalaking pangkat noon. Kayâ naman, naging sentro ng mga pelikula rito ang mga temang may kinalaman sa *rock 'n roll musicals*, *teen romance*, *teen crime films* at maging sa mga *science fiction* upang mapukaw ang atensiyon ng kabataan ng panahong iyon. Sa paliwanag ni Doherty (2002), ito ang nakitang paraan ng mga *film producer* noon upang maibangon sa pagkalugi ang industriya bunsod ng nagdaang digmaan. Mainit itong tinanggap ng kabataan sapagkat madali nilang naiugnay ang kanilang sariling mga karanasan sa pelikula.

Sa naging pag-aaral ni Considine (1985) ukol sa *teen film*, kalimitang nakatuon ang mga pelikulang ito sa pag-ibig, pakikipagrelasyon, at pakikipagtalik. Sa artikulo naman ni Shary (2005), tinalakay niya ang paraan ng pagpapakita ng relasyon o pakikipagrelasyon ng mga kabataan sa pelikula. Binigyang-diin sa bahaging ito ang paghahanap ng pag-ibig at/o paghahanap ng makakatalik (upang tuluyang makawala sa pagiging birhen) ng mga tampok na karakter. Paglaon, nang tumanda ang nabanggit na henerasyon, kasabay ring nalinang ang panibagong genre na tinawag na *coming of age film*. Kaiba sa *teen film* na nakapokus sa pag-ibig at pakikipagrelasyon, mas nakatuon ang *coming of age films* sa pagpapakita ng mga problemang kinahaharap ng mga tinedyer sa kanilang transisyon mula *adolescence* patungo sa *adulthood* o tinatawag ding “ganap na gulang” batay sa naunang salin ni Roberto Javier (2008). Kung gayon, masasabing mas seryoso at mas mabigat ang mga temang tinatalakay ng *coming of age films* kung ikokompara sa *teen films*.

Sa Pilipinas, isa ang pelikulang *#Y* (2014) ni Gino Santos sa mga kinikilalang *Filipino coming of age films*. Umiikot ang kuwento nito sa apat na pangunahing tauhang sina Miles (Elmo Magalona), Janna (Coleen Garcia), Ping (Kit Thompson), at Lia (Sophie Albert), at sa kanilang pagharap sa mga problemang kaakibat ng yugto ng *coming of age*: Si Miles at ang kaniyang paghahanap ng papel sa búhay; si Janna at ang pagkakaroon niya ng tákot na matali sa isang relasyon; si Ping at ang kaniyang kapusukan; at si Lia at ang pagkokompara niya ng sarili sa búhay ng iba.

Sa panahong unti-unti nang nilalamon ng *social media*, Internet, mga bisyo, at prinsipyong “You Only Live Once” (YOLO) ang kabataan, inilalahad ng pelikula ang mga karaniwang problemang hinaharap ng mga kabataang Milenyal tulad ng depresyon. Kaiba sa mga naunang *coming of age film* tulad ng *Ang Pagdadalaga ni Maximo Oliveros* (2005) ni Auraeus Solito, *Senior Year* (2010) ni Jerrold Tarog, at *Ang Huling Cha-cha ni Anita* (2013) ni Sigrid Andrea Bernardo, espesipikong ginamit ni Santos ang naratibo ng henerasyong Milenyal bilang lokasyon ng kaniyang kuwento.

Sa ganitong diwa, nilalayan ng papel na ito na sipatin kung paanong ipinakikita sa pelikulang #Y (2014) ang pagdanas at/o pagharap ng mga karakter na Milenyal sa yugto ng *coming of age*. Bahagi ang saliksik na ito ng mas malaking proyektong nagtatangkang ilarawan ang genre ng *coming of age* na nakasandig sa karanasan at kulturang Pilipino. Nauna na rito ang inisyatiba ni Concha (2019) na tumbasan ang salitang *coming of age* ng “pagsapit ng kamuwangan”. Sa kaniyang paliwanag, pinili ang muwang o kamuwangan bilang susing salita sa pagsasalin sapagkat isa ito sa itinuturing na pinakamahahalagang senyales ng pagtawid tungo sa *adulthood* o ganap na gulang. Namumulat na ang isang indibidwal sa realidad ng buhay at nagagawa na niya itong tanawin nang may kalakip na pang-unawa.

Sa pagtatapos ng papel, tatangkain ng mga mananaliksik na magkaroon ng panimulang dalumat sa konsepto ng pagsapit ng kamuwangan batay sa mga datos na makakalap sa pelikula. Sasagutin ito sa tulong ng sumusunod na katanungan: (a) ano-anong imahen ng kabataang Milenyal ang sinasalamain ng pelikula; (b) ano-anong karanasan ng kabataang Milenyal ang binibigyang-diin sa pelikula; at (c) paano naapektuhan ng mga pagdanas na ito ang pananaw at paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga pangunahing tauhan. Isinakatuparan ang pag-aaral gamit ang metodong iminungkahi ni Jens Eder sa pagsusuri ng mga tauhan sa pelikula. Ipinaliwanag naman ang mga nakalap na datos sa gabay ng konseptong paglalabintaunin ni Virgilio Enriquez batay sa paliwanag ni Roberto Javier Jr. at ng teoryang *Emerging Adulthood* ni Jeffrey Arnett.

## **FILENNIALS AT ANG HENERASYON NG SOCIAL MEDIA**

Bago tuluyang pumalaot ang papel sa pagsusuri ng pelikulang #Y, mainam na matalakay muna ang ilan sa mahahalagang talâ tungkol sa henerasyong Milenyal. Sa kasalukuyan, hindi pa rin malinaw ang mga taóng sakop ng henerasyong ito. Sa paliwanag ni Beal (2019), ginagamit ang mga katawagang *Millennial*, *Millennial Generation* o *Generation Y* upang ilarawan ang mga taóng ipinanganak mula taóng

1980 hanggang taóng 2000. Sa kabiláng banda, lumalabas naman sa mahigit isang dekadang pag-aaral ng PEW Research Center na 1981 hanggang 1996 ang sakop ng henerasyong Milenyal. Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Dimock (2019) na nagsasabing bahagi na ng bagong henerasyon o Gen Z ang lahat ng mga ipinanganak mula taóng 1997 pataas. Kinikilala ang mga Milenyal bilang *Nexters o Net-Generation* sapagkat lumaki siláng gumagamit ng gadyet at Internet. Dahil dito, itinuturing sila bilang *digital natives* sapagkat namulat sila sa mundo ng teknolohiya (Patterson, 2007). Integral na sa kanilang búhay ang paggamit ng teknolohiya mula sa pag-aaral o pagtatrabaho, hanggang sa simpleng paglilibang (Martin, 2005).

Sa artikulo naman ni Main (2018), inilahad niya ang ilan sa mga negatibong katangian ng mga Milenyal tulad ng pagiging tamad, pagkakaroon ng mataas na tingin sa sarili, at tendensiyang magpalipat-lipat ng trabaho. Sinasabing hindi rin gaanong nakikialam sa politika ang karamihan sa mga Milenyal. Bagkus, mas nakatuon sila sa mga pansariling pagpapahalaga tulad ng pagkakaroon ng pera, pagtatamo ng kasikatan, at pagpapanatili ng magandang imahen sa ibang tao. Maiuugnay ito sa sinasabi ni Leboeuf (2017) na inoobserbahan ang mga Milenyal sa kung paano sila kumilos o makitungo sa ibang tao. Kung kayâ, may hámon sa kanilang panatilihin ang magandang katayuan upang maiwasang may masabi ang iba. Ito rin ang tinitingnang dahilan kung bakit ang heneresyong Milenyal ang kadalasang hindi lubusang naiintindihan o nauunawaan, lalo na ng mga nakatatanda.

Sa Pilipinas, tinatawag ang mga Milenyal bilang *Filennial o Filipino Millennial*. Isa ang pag-aaral ng McCann Truth Central noong 2016 sa mangilan-ngilang saliksik na nagtangkang ilarawan ang katangian ng mga *Filennial*. Ang mga datos dito ay resulta ng pakikipanayam nila sa mahigit 33,000 kalahok na Milenyal mula sa 18 bansa tulad ng Estados Unidos, Alemanya, Hapon, at Pilipinas. Batay sa kanilang naging pagsusuri, lumalabas na nangibabaw ang mga *Filennial* sa iba pang mga Milenyal mula sa iba't ibang bansa pagdating sa pananaw sa mga responsibilidad sa lipunan, paghuhustong-gulang (*adulthood*), at maging sa partisipasyon sa *social media*. Gayundin, natuklasan na naiiba ang mga *Filennial* sa tatlong aspekto: pagiging malapít sa pamilya, pagiging aktibo sa *social media*, at pagiging maláy sa mga isyung panlipunan. Pinatutunayan ito ng empirikal na datos na nakalap nila na 83% ng mga *Filennial* ay nakadepende pa rin sa kanilang mga magulang pagdating sa paghingi ng payo. Samantala, 61% naman ang nakaramdam ng pangangailangang maipakita sa pinakamagandang paraan ang kanilang imahen sa *social media*. Mas mataas ito kompara sa pandaigdigang pamantayan na 53%. Halos mayorya naman ng mga *Filennial* na nakapanayam sa pag-aaral ang nagsabing kinikilala nila ang kanilang responsibilidad na makapag-abót

ng positibong ambag sa kinabibilangan nilang komunidad. Muli, mas mataas ang bilang na ito kompara sa 89% na pandaigdigang pamantayan (Natividad, 2016).

Bukod sa nabanggit, nagsagawa din ng sariling pag-aaral ang Filipino news website na Rappler noong 2017 sa pamamagitan ng birtuwal na sarbey na nilahukan ng 612 respondenteng Filennial mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Isa sa kanilang naging tanong ay kung paano ilalarawan ng mga Filennial ang kanilang sarili sa isang salita. Nangibabaw rito ang 5 salita: *confident* o may kumpiyansa sa sarili; *driven* o determinado; *self-centered* o nakapokus sa sarili; *ambitious* o may mataas na pangarap; at *passionate* o marubdob sa kanilang ginagawa. Samantala, nang tanungin naman kung may pagnanais silang lumahok sa mga proyektong pangkomunidad o panlipunan, 83% ng mga Filennial ang nagpahayag ng interes. Ilan sa mga proyekto na espesipiko nilang binanggit ay ang kapakanan ng kapaligiran, kahirapan, karapatan ng mga LGBT, karapatang pantao, at hustisya (Garcia, 2017). Kapansin-pansin sa mga inilalahad na pag-aaral ang ugnayan ng sarili at lipunan sa pagkilatis ng katangian ng mga Filennial o Filipino Millennial. Bagama't kinikilala ang mga Milenyal sa kabuuan bilang henerasyong may mataas na pagpapahalaga sa sarili (kayâ tinatawag din sila na *Me Me Me Generation*), naiiba ang mga Filennial sa paraang may pagsasaalang-alang sila sa kapuwa o sa komunidad na kanilang kinabibilangan.

## **ANG COMING OF AGE BILANG SIKOLOHIKAL NA DANAS**

Sa artikulo ni Butt (2018), inilalahad niyang kadalasang nakapaloob sa mga tema ng *coming of age film* ang pag-ibig, problema sa pamilya o kaibigan, at ang pagdiskubre sa sariling identidad. Ito ang mga rason kung bakit may mga pagkakataong dumaranas ng depresyon o nagtatangkang magpakamatay ang mga karakter na nasa ganitong sitwasyon katulad ni Miles (Elmo Magalona) sa pelikulang *#Y* (2014) ni Santos. Dahil dito, kalimitan ding tinatalakay sa isang *coming of age film* ang pagharap ng mga tauhan sa mga suliraning may kinalaman sa emosyon, espirituwalidad, at seksuwalidad (Butt, 2018).

Iniuugnay naman ni Hestand (2018) ang genre ng *coming of age film* sa ikalimang bahagi ng *Stages of Psychosocial Development* ni Erik Erickson. Dumarating ang ganitong yugto sa buhay ng isang indibidwal mula edad 12 hanggang 18. Sa panahong ito, nagkakaroon ng kalituhan ang isang tao sa kaniyang sariling identidad at papel na kailangan niyang gampanan sa pamilya at lipunan. Kadalasang nangingibabaw ang katanungan tulad ng: *Sino ako? Saan ako nabibilang? At Anong mga dapat kong paniwalaan?* Ito ang dahilan kung bakit nakararamdam ang

isang táong dumaraan sa ganitong sitwasyon ng pag-iisa o pakiramdam na walang nakauunawa sa kaniya.

Bukod dito, maaari ding maiugnay ang naratibo ng *coming of age* sa teoryang *Emerging Adulthood* ng isa pang sikolohistang si Jeffrey Arnett. Taóng 1995 nang simulang dalumatin ni Arnett ang yugto sa pagitan ng *adolescence* at *adulthood*. Kinapanayam niya ang mahigit 300 kabataan na may edad 18 hanggang 29 upang tanungin tungkol sa kanilang mga pangarap at plano sa búhay. Kahit magkakaiba ng edad at nagmula sa iba't ibang katayuang sosyo-ekonomiko, marami sa kaniyang nakapanayam ang nagsabing tilà nararamdaman nilang nasa gitna sila ng dalawang nabanggit na yugto. Bagama't nasa tamang edad na ang mga nakapanayam ni Arnett at unti-unti nang niyayakap ang iláng mabibigat na responsibilidad, aminado ang karamihan sa kanila na may mga pagkakataon pa ring nakaasa sila sa gabay at/o paalala ng mga kaibigan at pamilya. Marami rin ang nagpahayag na nananatili pa ring palaisipan sa kanila kung ano talaga ang pangarap at plano nila sa kanilang mga búhay (Arnett, 2000).

Mula sa mga nakalap na datos ni Arnett, iminungkahi niya ang panibagong yugto ng búhay na tinawag niyang *Emerging Adulthood*. Sa kaniyang librong *Emerging Adulthood: The Winding Road from the Late Teens Through the Twenties*, inilarawan niya ang panibagong yugtong ito bilang isang penomenang sumibol sa mga nakalipas na dekada sa Estados Unidos bunsod ng mga pagbabagong sosyo-ekonomiko. Ayon kay Arnett (2004), may 5 pangunahing katangian ang yugto ng *Emerging Adulthood*: (1) *Age of Identity Exploration*; (2) *Age of Instability*; (3) *Age of Self-focus*; (4) *Age of Feeling In-between*; at (5) *Age of Possibilities*. Nakatuon ang *Age of Identity Exploration* sa pagtuklas ng isang *emerging adult* sa kaniyang sariling identidad at totoong kagustuhan sa búhay. Sa yugto ng *adolescence*, kalimitang wala pang kakayahan ang isang tinedyer na magdesisyon para sa kaniyang sarili. May tendensiyang maimpluwensiyahan ang kaniyang mga kagustuhan ng kung anong nakikita niya sa mga kaibigan o payo ng kaniyang mga kaanak.

Dahil dito, itinuturing din ang yugtong ito bilang *Age of Instability*. Sa pagtuklas ng isang indibidwal sa kaniyang sarili, kasabay nito ang pagsubok niya sa iba't ibang bagay, sa eskuwela man o sa kaniyang karera. Tinatawag ding *Age of Self-focus* ang yugtong ito dahil bumabalikwas na ang indibidwal sa dikta ng kaniyang mga magulang o mga táong nasa paligid niya at nagsisimula na siyang magpasya para sa sarili. Gayunpaman, may mga pagkakataong naiipit pa rin ang isang *emerging adult* sa pagiging *adolescent* na wala pang gaanong responsibilidad sa búhay at sa pagiging

*adult* na humaharap na sa mabibigat na tungkulin. Kung kayâ, itinuturing din ang yugtong ito bilang *Age of Feeling In-between*. Ang huling katangian nito ay ang *Age of Possibilities* sapagkat nangingibabaw sa yugtong ito ang pagiging idealistiko ng isang indibidwal.

Kung sisipatin naman ang Sikolohiyang Pilipino, wala pang pag-aaral na direktang tumutumbas sa inilatag na yugto ni Arnett kaugnay sa danas ng *Emerging Adulthood*. Ang maituturing nang pinakamalâpít dito ay ang konsepto ng paglalabintaunin ng Ama ng Sikolohiyang Pilipino na si Virgilio Enriquez. Sa paliwanag ni Javier (2007), ito ang salitang sumasaklaw para sa mga indibidwal na nasa edad 11 hanggang 19. Maaari itong ituring bílang tugon ni Enriquez sa Kanluraning salita na *adolescent* na humaharap ang mga babae at lalaki sa kapansin-pansing pag-unlad ng búhay, partikular na sa aspektong pisikal at seksuwal. Ayon pa sa kaniya:

Maikli man ang yugtong-búhay ng paglalabintaunin (11-19 taóng gulang), mahalaga ang mga pagbabago sa aspektong biyolohikal, pisikal, seksuwal, mental, emosyonal, at sosyal na mararanasan ng mga dalaga at binata. Maraming haharapang hámon ang mga lalabintaunin upang matamo ang kakayahang mamuhay nang malaya, nakapagsasarili at nakapagpapasya nang ayon sa kaniyang ikabubuti at ng kaniyang kapuwa. (Javier 96)

Masisipat mula rito na kaiba sa naging paliwanag ni Arnett (2004) ukol sa yugto ng *Emerging Adulthood*, may pagdidiin ang lalabintaunin sa halaga ng pakikitungo sa kapuwa. Ang pag-unlad ng isang indibidwal ay hindi lámang nakatuon sa sarili kundi maging sa mga táong nasa paligid niya, partikular na sa kaniyang pamilya. Kung kayâ, natatamo ng isang lalabintaunin ang mga pagbabagong ito sa pamamagitan ng karanasan sa pagsasarili at pakikipag-ugnayan sa kaniyang lipunan (Javier 44). Sa kabiláng banda, nagkakapareho ang dalawang konsepto sa paniniwalang may isang partikular na yugto tulad ng *Emerging Adulthood* at paglalabintaunin na naghahanda sa isang indibidwal sa kaniyang transisyon túngo sa ganap na gulang (*adulthood*).

Sa naging pag-aaral ni Javier, maaaring mailarawan ang paglalabintaunin sa sumusunod na mga karanasan: (1) pagtuklas sa kakayahan; (2) pagbubuo ng sariling identidad; (3) pakikipagrelasyong romantiko; at (4) pagdanas ng samot-saring emosyong bunga, hindi lámang ng pagbabagong pisyolohiko, kundi maging ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao (50). Dahil nga ang paglalabintaunin ay nakakahon lámang sa edad 11 hanggang 19, hindi kasinlawak at kasimbigat ng mga karanasang

ito ang sinasabi ni Arnett sa *Emerging Adulthood*. Gayunpaman, mas naipaliliwanag nito ang ating karanasan, partikular na sa pagpapahalaga sa relasyon sa pamilya, sapagkat mas malápit ito sa ating kultura. Sa ganitong diwa, gagamitin bilang pangunahing gabay sa paghihimay ng mga datos na makakalap ang binanggit ni Javier na mga katangian ng paglalabintaunin. Gayundin, ang mga katangian ng *Emerging Adulthood* ni Arnett bilang pansuportang lente ng pagsipat.

### PAGSUSURI SA MGA KARAKTER NG PELIKULANG #Y (2014)

Gagamitin sa pagsusuri ng mga tauhan ng pelikulang #Y (2014) ang iminungkahing balangkas ni Jens Eder (2010) na *clock of character*. Binubuo ito ng apat na elemento: (1) *artifact*; (2) *fictional being*; (3) *symbol*; (4) *symptom*. Ayon sa kaniya, maaaring gamitin ang balangkas na ito upang higit na masuri at maunawaan ang mga tauhan sa pelikula. Batay sa modelong ito, may apat na aspekto ang isang karakter. Tingnan ang sumusunod na pigura.




Figura 1. Ang balangkas ng *Clock of Character* ni Eder

Makikita sa pigura 1 ang binuong balangkas ni Eder na nagpapakita ng maaaring maging proseso ng pagsusuri sa mga tauhan sa pelikula. Para sa unang aspekto na *artifact*, ipinaliwanag ito bilang pagsusuri sa komposisyon, tekstuwal at estetikong estruktura ng tauhan. Sa madaling sabi, ano ang kaniyang nirerepresenta at paano siya kinakatawan sa pelikula? Sa ganitong konteksto, ikinokonsidera ang karakter bilang kaugnay ng mga talinghaga at iláng mga ideang ginamit sa pelikula. Sa kalaunan, naghahatid ito ng perseptuwal na danas sa mga manonood (Eder 21). Para naman sa ikalawang aspekto na *fictional being*, ano-ano ang mga katangiang taglay ng karakter bilang kabahagi ng isang piksiyonal na mundo? Gayundin, paano



kumikilos ang karakter sa ganitong uri ng mundo? Tinitingnan dito ang taglay na pag-iisip, pagkilos, pag-uugali at pakikipag-unayan ng karakter (Eder 21).

Sa ikatlong aspketo na *symbol*, pinagtutuonan ang pagtukoy sa simbolismo ng karakter at ng mga tagóng mensaheng kaniyang ipinababatid. Kailangang maunawaan ang terminong *symbol* sa malawak na pormang nagtataglay ng mas mataas na antas ng kahulugan na ang mga karakter ay maaaring maging senyales o simbolo ng iba pang bagay (Eder 22). Panghuli, ang ikaapat na aspektong *symptom* ay tumutunton sa ugat ng pagkakaroon ng partikular na katangian, kilos, o pag-iisip ng isang karakter, maging ang epekto nito sa kabuuan ng istorya. Sa ganitong perspektiba, tinitingnan ang mga karakter bílang mga sintomas na nagiging mga salik at/o kahihinatnan ng mga makatotohanang elemento ng komunikasyon. Kabilang dito ang intensiyon ng direktor, reaksiyon ng mga manonood at ang sosyo-kultural na konteksto nito. Sa ganitong diwa, susuriin ang apat na pangunahing karakter sa pelikulang #Y na sina Miles (Magalona), Ping (Thompson), Janna (Garcia), at Lia (Albert) gámit ang apat na elementong inilatag ni Eder (2010).

**#nofilter: PAGBAKAS SA IMAHEN NG KABATAANG MILENYAL**

Sa balangkas na iminungkahi ni Eder (2010), nakatuon ang unang dalawang elementong *artifact* at *fictional being* sa katangian ng mga karakter. Binibigyang-diin sa *artifact* ang panlabas na imaheng ipinalulutang sa isang tauhan. Paano ginagamit ang kaniyang kasuotan o ayos upang lumikha ng impresyon sa mga manonood? Halimbawa, kalimitang pinagsusuot ng itim o madidilim na kulay ang kontrabida upang mas mapangibabaw ang kasamaang taglay ng kaniyang karakter. Samantala, nakapokus naman ang *fictional being* sa internal na katangian ng karakter, kung paano siya mag-isip at kumilos sa loob ng mundong kaniyang ginagalawan. Sa tulong ng dalawang elementong ito, mas maipoproceso ang mga problemang kinahaharap ng bawat karakter sa pelikulang #Y (2014).

Talahanayan 1: Pagbakas sa katangian at tunggalian ng bawat tauhan

Tauhan	Katangiang Pisikal at Internal	Tunggalian ng Tauhan (sarili sa kapuwa)
Miles	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Simple at walang arte sa katawan</li> <li>• Tahimik</li> <li>• Mahina ang loob</li> <li>• Negatibong mag-isip</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Dumaranas ng problema sa kalusugang mental (Clinical Depression with Mild Bipolar and Schizophrenic Tendencies)</li> </ul>

	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Palaging malalim ang iniisip</li> <li>• Nakaluluwag sa búhay</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Walang napagsasabihan ng totooang nararamdaman dahil sa takot na mahusgahan</li> <li>• Hindi sineseryoso ng magulang ang kaniyang karamdamang mental</li> <li>• Iláng ulit nang nagtangkang magpakamatay</li> </ul>
Ping	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Matipuno</li> <li>• Malakas ang dáting at maporma manamit</li> <li>• Agresibo</li> <li>• <i>Happy-go-lucky</i></li> <li>• <i>Partygoer</i></li> <li>• Mapusok</li> <li>• Mapagnasa</li> <li>• Nakaluluwag sa búhay</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Lulong sa bisyo (alak, sigarilyo, at babae)</li> <li>• Hindi sapat ang gabay na nakukuha mula sa magulang</li> <li>• Kawalan ng kakayahang kontrolin ang pagnanasa na nagbunsod ng paghihiwalay nila ni Lia</li> <li>• Hindi alam kung ano ang direksyong nais tahakin sa búhay</li> <li>• Idindepende sa nararamdaman ang mga bagay na kaniyang ginagawa</li> </ul>
Janna	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Maganda</li> <li>• Balingkinitan</li> <li>• Malakas ang dáting at maporma manamit</li> <li>• Mapusok</li> <li>• Palakuwento/ madaldal</li> <li>• Prangka magsalita</li> <li>• <i>Happy-go-lucky</i></li> <li>• <i>Partygoer</i></li> <li>• <i>Selfie addict</i></li> <li>• Mapagnasa</li> <li>• Nakaluluwag sa búhay</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Natatakot na mapahiya at masira ang sariling imahen lalo na sa <i>social media</i></li> <li>• Hindi pa rin nahahanap ang relihiyong paniniwalaan</li> <li>• Natatakot na matali sa relasyon o magkaroon ng <i>commitment</i></li> <li>• Labis na pagpapahalaga at pagmamahal sa sarili</li> <li>• Hindi alam kung ano ang totong gustong gawin sa búhay</li> <li>• Mahilig makipagsabayan sa kung ano ang uso o sikát</li> <li>• Madaling maakit sa pisikal na kaanyuan</li> </ul>
Lia	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Maganda</li> <li>• Simple mag-ayos</li> <li>• Inosente ang dáting</li> <li>• Mahinhin</li> <li>• Sensitibo</li> <li>• Konserbatibo</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagkatakot na mapahiya at masira ang sariling imahen</li> <li>• Madaling maimpluwensiyahan ng iba</li> <li>• Nagmula sa isang siráng pamilya</li> <li>• May tampo sa ina bunsod ng nararanasang problemang pinansiyal</li> <li>• Pagkainggit sa kung anong nakikita sa iba lalo na sa <i>social media</i></li> </ul>

Kasunod ng pagtukoy sa katangian ng tauhan gámit ang *artifact at fictional being*, masisipat mula dito ang simbolismo ng isang tauhan. Ano ang ipinahihiwatig ng kaniyang karakter batay sa pagkakatag nito sa pelikula? Sino ang kaniyang kinakatawan sa realidad? Kung titingnan ang aspektong *artifact at fictional being* sa karakter ni Miles, itinatanghal siya bílang isang kabataang naghahangad na maunawaan siya ng mundo sa kabila ng maayos na búhay na mayroon siya. Ipinakikita rito ang realidad na kahit may pamilya at mga kaibigan siyáng nakasuporta sa kaniya, nananatili pa ring may puwang sa kaniyang puso. Bukod dito, ang karakter ni Miles ang sumasalamin sa estado ng depresyon sa lipunang Pilipino. Marami ang hindi maláy na may ganitong uri ng karamdaman kayâ kalimitan itong binabalewala. Bagamat taóng 2014 pa nang maipalabas ang pelikula, 2019 lámang naisabatas ang Republic Act 11036 o ang Philippine Mental Health Law na naglalayong magbigay ng kaukulang suporta sa mga Pilipinong dumaranas ng karamdamang mental. Isa itong indikasyon na matagal nang umiiral ang ganitong uri ng kalagayan sa ating lipunan, partikular na sa kabataang tulad ni Miles.

Sa kabiláng banda, sinasalamin naman ng mga karakter nina Ping at Janna ang mga kabataang Milenyal na pinanghahawakan ang prinsipyong *You Only Live Once* (YOLO). Masisipat ito sa iláng eksena na hinihikayat ni Ping ang mga kaibigan na gumamit ng *party drugs* bago magtungo sa *bar*. Tinanggihan man siya sa simula, hinimok pa rin niya ang mga ito na hindi naman masamang magsaya paminsan-minsan. Sa ganitong paraan din itinatanghal ang karakter ni Janna na palaging naghahangad na pumunta sa mga *party* at maghanap ng mga guwapong lalaki. Bukod dito, kapuwa may problema sina Ping at Janna pagdating sa *commitment* o pakikipagrelasyon. Hiniwalayan si Ping ng kaniyang nobyang si Lia dahil sa pakikipagtalik sa ibang babae. Samantala, iláng ulit namang binigyang-diin ni Janna na wala siyáng balak na magpatali sa isang relasyon at nalulugod na siya sa pakikipagtalik sa kung sino man ang matipuhan niya.

Nirerepresenta naman ng karakter ni Lia ang kabataang nasa proseso ng pagkilala sa kanilang sarili. Gayunpaman, may mga pagkakataong hindi nagagawang kilalanin ng indibidwal ang kaniyang tunay na identidad sapagkat may tendensiyang magpatianod siya sa kung anong tanggap ng mas nakararami. Mas pinasidhi pa ito ng pag-usbong ng *social media* ngayon na ayon kay Patterson (2007), ay nagagamit bílang espasyo ng yabangán at ginagawang sukatán ng tagumpay. Isang patunay rito ang eksenang nakita ni Lia ang magarbong búhay ng kanilang kaibigang si Sarah na anak ng isang korap na politiko. Nakaramdam siya ng inggit dahil dito at iginiit na mas karapat-dapat siya sa búhay ni Sarah sapagkat mabuti siyáng tao. Mayroon ding punto

sa pelikula na handa na niyang ibigay ang sarili kay Ping at isantabi ang paniniwalang isang sagradong bagay ang pakikipagtalik na ginagawa lámang ng mga táong kasal. Bunsod ito ng pangungumbinsi ni Janna na kung hindi niya tutugunan ang pangangailangang seksuwal ni Ping, maghahanap ito ng iba.

**#Adulthood101: PAGDANAS NG PAGESAPIT NG KAMUWANGAN**

Sa puntong ito, tututok naman ang papel sa mga espesipikong danas ng apat na tauhan na binigyang-diin sa pelikula at iuugnay ang mga ito sa tinalakay na katangian ng paglalabintaunin at *Emerging Adulthood*. Mula dito, sisipatin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga ito sa isa’t isa at ilalahad ang iláng mahahalagang puntong nakuha mula sa paghahambing.

Talahanayan 2: Iláng danas na ipinakita sa pelikula at ang ugnayan ng mga ito sa paglalabintaunin at *Emerging Adulthood*

Tauhan	Iláng Dansas na Ipinakita sa Pelikula	Katangian ng Paglalabintaunin	Katangian ng Emerging Adulthood
Miles	<ul style="list-style-type: none"> <li>Hinahanap ang halaga ng búhay</li> <li>Nakararanas ng <i>role confusion</i> o pagkalito sa kaniyang papel</li> <li>Pakiramdam na walang nakauunawa sa kaniya maging ang sariling pamilya</li> <li>Pagtatangkang magpakamatay bunsod ng depresyon</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbubuo ng sariling identidad</li> <li>Pagdanas ng samot-saring emosyong bunga, hindi lámang ng pagbabagong pisyolohiko, kundi maging ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Age of Identity Exploration</li> <li>Age of Instability</li> <li>Age of Self-focus</li> <li>Age of Feeling In-between (Schizophrenic Tendencies)</li> </ul>
Ping	<ul style="list-style-type: none"> <li>Kawalan ng konsepto ng <i>commitment</i> sa relasyon</li> <li>Nakabase sa emosyon ang pagpapasya</li> <li>Paghahanap ng kasiyahan sa mga kaibigan bunsod ng kawalan ng gabay ng magulang</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagbubuo ng sariling identidad</li> <li>Pakikipagrelasyong romantiko</li> <li>Pagdanas ng samot-saring emosyong bunga, hindi lámang ng pagbabagong pisyolohiko, kundi maging ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Age of Identity Exploration</li> <li>Age of Instability</li> <li>Age of Self-focus</li> </ul>

Janna	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pangangalaga sa imahen sa <i>social media</i></li> <li>• Pagkalito sa kung ano ang paniniwalaang pananampalataya</li> <li>• Pagkatákot na magpatali sa isang relasyon</li> <li>• Pagsubok sa mga bagay na makapagpapasaya sa sarili</li> <li>• Pagiging <i>happy-go-lucky</i></li> <li>• Pagkatanto sa halaga ng búhay</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbubuo ng sariling identidad</li> <li>• Pagdanas ng samot-saring emosyong bunga, hindi lámang ng pagbabagong pisyolohiko, kundi maging ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Age of Identity Exploration</li> <li>• Age of Instability</li> <li>• Age of Self-focus</li> </ul>
Lia	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagkainggit sa búhay ng iba</li> <li>• Pagpapaimpluwensiya sa mga kaibigan</li> <li>• Pag-aalala sa problema ng magulang at/o pamilya</li> <li>• Pag-amin sa nagawang pagkakamali</li> <li>• Pagkatanto sa halaga ng búhay</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagbubuo ng sariling identidad</li> <li>• Pakikipagrelasyong romantiko</li> <li>• Pagdanas ng samot-saring emosyong bunga, hindi lámang ng pagbabagong pisyolohiko, kundi maging ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Age of Identity Exploration</li> <li>• Age of Instability</li> </ul>

Sa balangkas na iminungkahi ni Eder (2010), ang *symptom* ang huling elementong maaaring gamitin sa pagsusuri ng isang tauhan sa pelikula. Matapos mailatag ang mga katangian at ang simbolismong kinakatawan ng mga karakter, mahalaga namang mabatid ang mga pangyayaring pinag-ugatan nito. Dito na pumapasok ang intensyon ng direktor, maging ang paglalapat ng sosyo-kultural na konteksto sa istorya. Sa kaso ng pelikulang #Y, ginamit ang apat na pangunahing tauhan upang ipakita ang pagdanas ng kabataan sa yugto ng *coming of age* o ang sinisikap ngang mailarawan ng papel na pagsapit ng kamuwangan. Batay sa naging pagsusuri, natukoy ang sumusunod na mga karanasan na nabigyang-diin sa pelikula kaugnay ng pagsapit ng kamuwangan:

### *Pagkilala sa sarili at pagbuo ng identidad*

Kapuwa itinuturing ng panahon ng paglalabintaunin at yugto ng *Emerging Adulthood* na isang pangunahing senyales na sumasapit na sa ganap na gulang ang

isang indibidwal kung nasa proseso na siya ng pagkilala sa sarili at pagbuo ng identidad. Isang integral na bahagi ng pagharap sa ganap na gulang ang pagkakaroon ng malalim na pundasyon ng pagkakakilanlang pansarili. Sa yugtong ito, mas nakikilala at natatanggap ng isang indibidwal ang kaniyang pagkatao. Hindi na lámang siya nakasunod sa impluwensiya ng mga táong nasa paligid niya. Isang halimbawa rito ang pagbabahagi ni Janna tungkol sa kaniyang paniniwalang panrelihiyon. Bagama't sumasáma siya sa kaniyang magulang sa pagsisimba, batid niyang hindi pa rin ito ang akmang paniniwala para sa kaniya.

Gayunpaman, bunsod ng patúloy na pagkababad ng kasalukuyang henerasyon (Y at Z) sa makabagong teknolohiya, partikular na sa *social media*, naaapektuhan nito ang pagkilala ng isang indibidwal sa kaniyang sarili. Sa halip na maging moda ng pakikipag-ugnayan, nagiging isang birtuwal na entablado ang *social media*. Ang pagkakaroon ng masasayang *post* sa Facebook at magandang *feed* sa Instagram ang nagiging sukatan ng kasiyahan at kaganapan ng isang tao. Mapapansin sa isang eksena nang kapanayamin si Janna ng *psychiatrist* ni Miles, sinabi ng dalaga na nagulat siyang mayroong *suicidal tendencies* ang kaibigan dahil mukha namang mabuti ang lagay nito batay sa kaniyang *social media accounts*. Sinasalamin nito ang kontradiksyon ng totoong mukha at ng birtuwal na imaheng ipinalalabas sa espasyo ng *social media*.

*Pagharap sa mas mabibigat na suliranin (laban sa sarili at/o kapuwa)*

Bahagi ng anomang yugto sa búhay ang pagharap sa iba't ibang suliranin. Halimbawa na lámang ang mga tinedyer na sumasailalim sa mga biyolohikal na pagbabago dulot ng *puberty*. Nariyan ang mga problemang dulot ng intenal na realisasyon ng isang indibidwal sa prosesong ito, maging ang mga posibleng pagbabago sa pakikipag-ugnayan niya sa kapuwa (halimbawa ang pagkakaroon ng restriksiyon ng babae sa kaibigang laláki). Sa yugto ng pagsapit ng kamuwangan, hindi na lámang nakatuon ang problema sa mga pagbabagong ito kundi maging sa mga pagbabagong emosyonal, sosyal, at mental. Dito na pumapasok ang sinasabi ni Javier tungkol sa paglalabintaunin na pagdanas ng samot-saring emosyon bukod sa pansarili. Kung gayon, ang mga problemang kinahaharap sa yugtong ito ay maaaring sumentro sa tunggalian ng isang indibidwal sa kaniyang sarili at/o sa tunggalian niya sa kaniyang kapuwa.

Mababakas ang pagdanas na ito sa kaso ni Miles at ang pakikipagtunggali niya sa sarili na sinasalamin ni Mark (ginampanan ni Slater Young), na isang imahinasyon

lámang. Si Mark ang kumakatawan sa isa pang sarili ni Miles na nakakausap niya sa mga seryoso at personal na bagay, partikular na ang plano niyang pagpapakamatay. May mga bahagi sa pelikula na unti-unti na niyang nakukumbinsi ang sarili na may rason pa para ipagpatúloy ang kaniyang búhay. Makikita ito sa progreso ng pag-uusap nina Miles at ng kinatawan ng Life Foundation (*hope line*) na si Abbie (ginampanan ni Chynna Ortaleza). Gayunpaman, bunsod ng iláng pangyayari tulad ng pagkamatay ng kaniyang kakilalang si Sarah at ng kaibigang si Ping, muling nanumbalik ang kagustuhan niyang wakasan ang sariling búhay. Sa huli, bagama't nasa akto na siya ng pagtalon sa tuktok ng gusali, pinili pa rin niyang hindi ituloy ang pagpapakamatay dahil na rin sa suportang ibinibigay nina Janna, Abbie, at ng kaniyang ina. Sa kabiláng banda, naipakita naman ang tunggaliang sarili laban sa kapuwa sa kaso nina Ping at Lia kaugnay ng kanilang romantikong relasyon. Bunsod ng pagiging konserbatibo ni Lia, hindi sila magkatagpo ng kagustuhan ni Ping, partikular na sa pananaw sa pakikipagtalik na labas sa kasal.

#### *Paghahanap ng halaga at papel sa búhay*

Maaari itong maiugnay sa sinasabi ni Erik Erikson sa ikalimang yugto ng kaniyang *Stages of Psychosocial Development* na *Identity vs. Confusion*. Kalimitang lumulutang sa prosesong ito ang mga tanong na, *Sino ako? o Ano ba ang gusto ko?* Sa yugtong ito, hinahanap ng isang indibidwal ang lugar niya sa lipunan. Mababakas ang pagdanas na ito sa katauhan ni Miles at sa kaniyang paghahanap ng halaga at papel sa búhay. Ipinakita sa mga unang bahagi ng pelikula ang makailang ulit niyang pagtatangkang magpakamatay dahil sa kawalan niya ng rason na magpatúloy sa búhay. Gayunpaman, bunsod na rin ng mga kuwento at payong natanggap niya mula kay Abbie, at ang pagkamatay nina Sarah at Ping, napagtanto niya na marami pang dahilan para ipagpatúloy ang kaniyang laban. Masisipat ito sa mga binitawan niyang linya sa bandang wakas ng pelikula noong nasa tuktok siya ng isang gusali, *“Maybe, that’s what’s going to give this life some kind of meaning, to be of worth to someone like me, and my generation or the next”*. Mahihinuha dito na hindi itinuloy ni Miles ang pagtalon sapagkat naisip niyang hindi ang pagwawakas sa sariling búhay ang makapagbibigay ng kabuluhan at kahalagahan dito, kundi ang tapang niyang magpatúloy sa kabila ng mga problemang kaniyang nararanasan.

#### *Pagkakaroon ng bukás na isipan*

Isang manipestasyon ng pagtuntong ng isang indibidwal sa yugto ng ganap na gulang o *adulthood* ang pagkakaroon ng bukás na isipan. Bukod sa sikolohikal na

pag-unlad, malaking bahagi din ng pagsapit ng kamuwangan ang paglago sa aspektong moral. Natututuhan na ng isang indibidwal na kilalanin ang sariling pagkakamali at/o pagkukulang. Nagkakaroon na rin siya ng sariling pagtataya sa kung ano ang nararapat sa hindi. Masasalamin ito sa pelikula sa karakter ni Lia kung saan nakaramdam siya ng inggit sa kanilang kakilala na si Sarah na anak ng isang korap na politiko. Para sa kaniya, hindi karapat-dapat ang dalaga sa tinatamasa nitong marangyang búhay sapagkat gáling ito sa nakaw. Kung kayâ, ipinakalat niya ang mga larawan nito na nagpapakita ng magarbo nitong pamumuhay, maging ang iláng kuwento ni Miles. Nagbunga ito ng malaking isyu sa pamilya ni Sarah kung kayâ naging tampulan ito ng tukso, lalo na sa *social media*. Dahil sa labis na kahihyan, pinili ni Sarah na wakasan ang sariling búhay. Sa isang eksena, ibinahagi ni Lia kay Miles ang naging kasalanan niya kay Sarah. Kasunod ito ng pagpanaw ng kaniyang dating nobyo na si Ping. Bagama't wala siyang direktang kinalaman sa pagkamatay ng dalawa, inako ni Lia na may bahagi siya sa mga nangyari. Isa ito sa mga bagay na nagpapahiwatig sa pagsapit ng kamuwangan sapagkat nagiging matapang na ang isang indibidwal na harapin ang pagkakamali nang hindi ibinubunton ang sisi sa iba.

#### *Paglalim ng ugnayan sa kapuwa*

Bagama't malimit na nakatuon ang yugto ng *coming of age* sa mga pansariling danas, makikita sa pelikula ang iba't ibang porma at/o lebel ng pakikipag-ugnayan ng isang indibidwal sa kaniyang kapuwa. Ito marahil ang isa mga katangian ng isang istorya ng pagsapit ng kamuwangan sapagkat may pagpapahalaga ang mga Pilipino sa 'kapuwa'. Ayon nga sa pagsasakahulugan dito ni Enriquez, itinuturing ang kapuwa bilang kabahagi ng identidad ng isang Pilipino. Kung kayâ, mapapansin na hindi lámang nakakahon sa tunggaliang pansarili ang mga nangibabaw na suliranin sa pelikula. Natunghayan dito kung paano naaapektuhan ang apat na tauhan ng kanilang paligid, ang pag-usbong nila bilang mga indibidwal na humaharap sa ganap na gulang.

Masisipat sa pelikula ang tatlong lebel ng sinasabing ugnayan ng indibidwal sa kaniyang kapuwa. Una, ang ugnayang sarili at magulang na naipakita sa dinamiko ng relasyon nina Miles at ng kaniyang pamilya, partikular na sa pagtrato sa kaniyang karamdaman. Ikalawa, ang ugnayang sarili at mga kaibigan na naipakita naman sa sosyalisasyon ng magkakaibigan at paano nila ipinakita ang suportáhan (o kawalan nito) sa isa't isa. Ikatlo, ang ugnayang sarili at lipunan na naipakita naman sa kung paano naaapektuhan ng sistema nito ang pananaw ng isang indibidwal. Halimbawa, ang usapin sa *bullying* na ibinahagi ni Miles tungkol sa kaniyang kaibigang si Sarah at



kung paano ito lubhang nakaapekto sa pagpapakamatay ng dalaga. Sa yugto ng pagsapit ng kamuwangan, ang mga ugnayang ito ay magkakaroon ng malaking epekto sa kung paano haharapin at/o panghahawakan ng isang indibidwal ang transisyon niya túngo sa ganap na gulang.

## **#RoadtoAdulthood: PAGSIPAT SA KAMUWANGANG PANSARILI AT PANLIPUNAN**

Kung susuriin ang apat na pangunahing tauhan, mapapansin ang positibo at negatibo nilang pagharap sa pagsapit ng kamuwangan sa aspektong pansarili at panlipunan. Para sa karakter ni Ping, naging negatibo ang pagtanggap niya sa proseso ng pagsapit ng kamuwangan. Sukdulan niyang pinanghawakan ang prinsipyong mabuhay sa kasalukuyan at huwag alalahanin ang kinabukasan. Hinayaan niyang emosyon ang magpasya para sa kaniyang sarili. Bunsod ng pagkasiphayo niya sa pagtanggap ng nobya niyang si Lia na makipagtalik sa kaniya, hinanap niya sa ibang babae ang pagnanasang seksuwal, na naging rason ng hiwalayan nila ng una. Minasamá ni Ping ang pakikipaghiwalay ni Lia at ibinunton ang sisi sa kaniyang matalik na kaibigang si Miles. Inungkat niya ang naging pagtingin nito noon sa dalaga at idinamay pa ang nararamdamang depresyon ng kaibigan. Ipinakita ito sa eksena kung saan nasa kasagsagan sila ng mainit na pagtatalo habang nasa loob ng kotse. Sa halip na harapin ni Ping ang sitwasyon nang may mas malalim na pang-unawa, ipinahinto niya kay Miles ang sasakyan. Lumabas siya rito at patuloy na nakipagtalo sa mga kaibigan habang nasa gitna ng daan. Pagkalipas lámang ng ilang segundo, aksidenteng nahagip si Ping ng humaharurot na kotse.

Sa kabiláng banda, masasabi namang nagkaroon ng positibong pagtanggap sa proseso ng pagsapit ng kamuwangan ang mga karakter nina Janna at Lia. Bagama't inilarawan sila sa simula bílang mga problematikong kabataan, naiba ito sa wakas ng pelikula sa pamamagitan ng pagbabago ng pagtingin nila sa búhay. Malaki ang naging epekto rito ng pagkamatay ng kanilang kaibigang si Ping. Dahil sa nangyari, mas napagtanto nila ang halaga ng búhay. Naisip nila ang kanilang mga pagkakamali at nagkaroon ng realisasyon na hindi pa huli ang lahat para magbago. Makikita ito sa isang tagpo kung saan inamin ni Lia kay Miles na siya ang nagpakalat ng mapanirang larawan at impormasyon tungkol kay Sarah. Nagkaroon siya ng pag-aako sa nagawang kamalian kay Sarah, maging sa sinapit ni Ping. Isa ito sa mga bagay na nagpapahiwatig ng mabuting pagtanggap sa pagsapit ng kamuwangan sapagkat nagiging bukás na ang isang indibidwal sa sariling pagkakamali at matapang na tinatanggap ang sariling mga kakulangan.

Para naman kay Miles, bagama't makikita sa malaking bahagi ng pelikula ang negatibo niyang pagtanggap sa proseso ng pagsapit ng kamuwangan, nabawi niya ito sa wakas ng pelikula. Makikita ito sa isang eksena habang nasa tuktok siya ng mataas na gusali. Kinuhanan niya ng video ang sarili bago ang muling pagtatangkang magpakamatay. Humingi siya ng tawad sa kaniyang mga magulang dahil sa problemang naidulot niya sa mga ito. Gayundin, nagpahatid siya ng mensahe sa kaniyang mga kaibigan tulad ng pagpapayo niya kay Janna na palaging alagaan ang sarili. Sa huli, hindi niya itinuloy ang pagpapakamatay dahil mas naging bukás siya sa maraming posibilidad. Naisip din niya na hindi lámang siya ang maaapektuhan ng kaniyang magiging desisyon kundi maging ang kaniyang pamilya at mga kaibigan. Isa ito sa mga positibong pahiwatig ng pagsapit ng kamuwangan sapagkat natututuhan na ng isang indibidwal na isaalang-alang ang kapakanan ng mga táong nasa paligid niya at hindi na lámang ang kaniyang sarili. Bukod dito, naging malinaw na rin sa kaniya ang halaga at tunguhin ng kaniyang búhay.

Mapapansin na sa pagharap ng apat na pangunahing tauhan sa pagsapit ng kamuwangan, malaki ang naging epekto ng presensiya (o kawalan nito) ng kanilang pamilya sa paraan ng kanilang pagpapasya. Sa artikulong *Emerging Adulthood as a Critical Stage in the Life Course* (2018) ni David Wood, ipinahayag niya na may positibong ambag ang panahong ito bílang yugto ng pag-unlad sapagkat mas nakikilala ng kabataan ang kanilang sarili at natututuhang magpasya nang mag-isa. Gayunpaman, nakasalalay pa rin ang positibong epekto nito sa tulong na natatanggap ng isang indibidwal mula sa mga táong nasa paligid niya, partikular na mula sa kaniyang pamilya. Kung gayon, mahalagang salik ang suportang maaaring tanggapin ng kabataang dumaraan sa yugtong ito sapagkat punô ng mga pagsubok ang pagharap sa ganap na gulang.

Para kay Miles, bagama't natutugunan ang kaniyang materyal na pangangailangan, hinahanap pa rin niya ang kalinga at pang-unawa ng isang magulang. Sa katunayan, sa tagpo na kinapanayam ng kaniyang *psychiatrist* ang mga táong malalapít sa kaniya, natunghayan na mas nakapagbabahagi pa siya ng kaniyang mga personal na saloobin kay Janna kaysa sa kaniyang mga magulang. Gayundin, ang pagpili niyang tumawag sa HOPE Line para may mapaglabasan ng kaniyang pinagdaraan. Sa tagpo naman na ipinaalam ng doktor na may *Clinical Depression with Mild Bipolar and Schizophrenic Tendencies* si Miles, makikita sa reaksiyon ng kaniyang ama ang kawalan ng malasakit sa sitwasyon ng anak. Sa halip na isipin kung ano ang maaaring maitulong kay Miles, itinuring pa niya ang karamdaman bílang

sagabal sa pag-aaral ng anak. Sinasalamin ng mga inter-aksiyong ito ang distansiya ng relasyon ni Miles sa kaniyang sariling magulang. Lagi mang nariyan ang pisikal na presensiya ng kaniyang mga magulang at naibibigay ang mga personal niyang pangangailangan, hindi pa rin napupunan ng mga ito ang nararamdaman niyang kakulangan sa aspektong emosyonal at mental.

Sa kaso naman ni Ping, siya lámang sa lahat ng pangunahing tauhan ang hindi nagkaroon ng anomang inter-aksiyon sa kaniyang mga magulang sa kabuuan ng pelikula. Sa araw ng kaniyang libing, hindi rin ipinakita ang mukha ng kaniyang ama o ina. Ipinarinig lámang nang iláng segundo ang talumpati ng kaniyang ina na nagpapasalamat sa mga nakiramay at sinabing hindi pa rin niya tanggap ang pagkamatay ng anak. Sinasalamin nito ang kawalan at/o kakulangan ng gabay na nakukuha ni Ping lalo na sa pagharap niya sa yugto ng pagsapit ng kamuwangan. Bunsod nito, kung ano-anong bagay ang nagawa niya sapagkat walang gumagabay sa kaniya.

Kabaligtaran ito ng sitwasyon ni Janna. Lumaki siyang sinusunod ang kagustuhan ng mga magulang, maging ang dapat niyang paniwalaang relihiyon. May eksena sa pelikula na sinabi ni Janna na hindi pa siya nagkakaroon ng mintis sa pagdalo ng misa sa buong búhay niya. Hindi man niya ganap na pinaniniwalaan ang relihiyong Katoliko, sumasáma pa rin siya dahil ito ang kagustuhan ng kaniyang mga magulang. Bukod dito, nasa proseso pa rin siya ng paghahanap ng akmang relihiyon para sa kaniya. Sinasalamin naman nito ang kakulangan pa ni Janna ng pagpapasya para sa sarili. Ito ang maaaring dahilan kung bakit iniiwasan niyang magpatali sa isang romantikong relasyon. Ang pagsubok sa iba't ibang bagay, kabilang na ang pakikipagtalik sa kung sino-sino, ang tanging kalayaang natatamasa niya na hindi niya nakukuha sa kaniyang pamilya.

Sa pelikula, hindi rin pisikal na ipinakita ang mga magulang ni Lia tulad ng kay Ping. Nagkaroon lámang siya ng inter-aksiyon sa mga ito nang mag-usap sila sa telepono tungkol sa pambayad ng kaniyang matrikula. Hiniling ng kaniyang ina na kung maaari ay mag-abót muna muli ng *promissory note* si Lia dahil hindi pa ito nakahahanap ng pera. Bunsod ng kawalan ng presensiya ng mga magulang at pagharap sa problemang pinansiyal, naapektuhan ang pagtingin ni Lia sa búhay. Sumibol ang pagkainggit niya sa mga materyal na bagay na mayroon ang iba, partikular na si Sarah na anak ng isang korap na politiko.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Nasipat sa pelikula ang iláng pagdanas ng pagsapit ng kamuwangan batay sa mga salik ng paglalabintaunin na ipinaliwanag ni Javier at yugto ng *Emerging Adulthood* ni Arnett. Nariyan ang pagkilála sa sarili at pagbuo ng identidad, pagharap sa mabibigat na suliranin, paghahanap ng halaga at papel sa búhay, pagkakaroon ng bukás na isipan, at paglalim ng ugnayan sa kapuwa. Bukod dito, nakita rin na kaiba sa mga naunang henerasyon, malaki ang papel na ginagampanan ng *social media* sa mga karanasang ito. Maiuugnay ito sa sinasabi ni Patterson (2007) na tinatawag ang mga Milenyal bilang *digital natives* sapagkat lumaki siláng gumagamit ng gadyet at Internet. Dahil dito, naidagdag ang teknolohiya, partikular na ang *social media*, sa mga salik na humuhulma sa paniniwala at kaisipan ng kabataang dumaraan sa yugto ng pagsapit ng kamuwangan.

Naipakita rin sa pelikula ang halaga ng suportang nagmumula sa pamilya upang matagumpay na makapagtransisyon ang kabataan mula sa yugto ng kamuwangan tungo sa ganap na gulang. Karamihan sa mga problemang naranasan ng mga pangunahing karakter ay nakaugat sa relasyon nila sa kanilang pamilya at sa kanilang inter-aksiyon sa kapuwa. Dahil dito, kung may maituturing mang isang katangiang ang *Filipino coming of age film* o ang dinadalumat ngang pagsapit ng kamuwangan, ito ay ang istoryang nakasandig sa malalim na ugnayan ng indibidwal sa kaniyang pamilya at kapuwa. Malaki ang naging papel ng pamilya at ng mga táong nasa paligid ng mga tauhan sa pagtatagumpay o pagkabigo nila sa mga problemang kanilang kinaharap na nakita sa wakas ng kuwento.

Gayunpaman, ang mga datos na nakalap ay limitado lámang sa danas ng mga piksiyonal na karakter sa pelikula. Maaaring magsagawa ng pakikipanayam at/o sarbey sa kabataang nasa kaparehong edad ng mga tauhan upang magkaroon ng beripikasyon sa mga natukoy na karanasan. Bukod pa rito, ang mga pangunahing karakter ay nagmula lámang sa gitnang-uring pamilya. Kung kayâ, maaaring hindi masalamin ng mga nabanggit na karanasan ang kabuuang danas ng mga kabataang Milenyal. Bílang rekomendasyon, maaaring pag-aralan ang iba pang pelikulang may temang pagsapit ng kamuwangan tulad ng *Edward* (2019) ni Thop Nazareno at *John Denver Trending* (2019) ni Arden Rod Condez na nakatuon naman sa danas ng kabataang nagmula sa mga maralitag pamilya.

## BIBLIYOGRAPIYA

- Arnett, Jeffrey J. "Emerging adulthood." *Noba textbook series: Psychology*. Eds. Robert Biswas-Diener & Ed Diener. Champaign, IL: DEF publishers, 2019.
- Arnett, Jeffrey J. "Emerging Adulthood: A Theory of Development From the Late Teens Through the Twenties." *American Psychologist* 55, pp. 469-480, 2000.
- Arnett, Jeffrey J. *Emerging Adulthood: The Winding Road from the Late Teens Through the Twenties*. Oxford University Press, 2004.
- Butt, Kathryn. "What Makes a Coming-of-Age Film? (Genre Series)." *Raindance*, 30 Hulyo 2018. <<https://www.raindance.org/coming-of-age-genre/>>.
- Concha, Christopher Bryan. "Ang Pagsapit ng Kamuwangan sa Pelikula: Pagbakas sa Konsepto ng Coming of Age sa Pelikulang Bagets (1984)." *DLSU Research Congress 2019 Conference Proceedings*, Philippines, 19-21 Hunyo 2019.
- Considine, David M. *The Cinema of Adolescence*. New York: McFarland, 1985.
- Doherty, Thomas. *Teenagers and Teenpics: The Juvenilization of American Movies in the 1950s*. London: Unwin Hyman, 1988.
- Eder, Jens. "Understanding Characters." *Projections. The Journal for Movies and Mind* Vol. 4, 1, pp. 16-40, 2010.
- Erikson, Erik. *The Life Cycle Completed*. W.W. Norton Company, 1982.
- Garcia, Krista. Filipino millennials are 'confident' 'driven' – survey. *Rappler*. 27 Pebrero 2017. Nakuha mula sa <https://www.rappler.com/move-ph/awards/980-2016/149854-filipino-millennials-survey-attitude-priorities>
- Hestand, Zec. "The Beginner's Guide: Coming-of-age| *Film Inquiry*." 3 Abril 2018. Web. Nakuha mula sa <https://www.filminquiry.com/beginners-guide-coming-age/>.
- Javier, Roberto E. Jr. "Bawal ba Sex...Ligaw...Inom...Pati Puyat? Ilang Karanasan ng Lalabintaunin na Halaw sa mga Pag-aaral ng mga Lasallian." *MALAY* 21.1, pp. 43-52, 2008.
- Javier, Roberto E. Jr. "Kaasalang Sekswal at Kaalaman sa HIV/AIDS ng mga Lalabintaunin." *MALAY* 19.3, pp. 95-105, 2007.
- Javier, Roberto E. Jr. "Unawa – Mula Pag-iisa tungo sa Pakikiisa sa Kapuwa: Ang Pag-iisip sa Panahon, Pag-asa, at Pagtanda." *MALAY* 31 (1), pp. 40-54, 2018.
- Martin, Carolyn. "From High Maintenance to High Productivity: What Managers Need to Know About Generation Y." *Industrial and Commercial Training*, 37 (1), pp. 39-44, 2005.
- Natividad, Nikki. Truth about youth: The difference of Filipino millennial. *Rappler*. 26 Oktubre 2017. Nakuha mula sa <https://www.rappler.com/brandrap/travel-food-and-lifestyle/150363-mccann-truth-filipino-youth-study>
- Patterson, Constance Kindrick. "The Impact of Generational Diversity in the Workplace." *Diversity Factor*, 15 (3), pp. 17-22, 2007.
- Schmidt, Matthew P. Coming of age in American cinema: modern youth films as genre. *Dissertation*. University of Massachusetts, 2009.
- Wood, David., et. al. "Emerging Adulthood as a Critical Stage in the Life Course." *Handbook of Life Course Health Development*. Eds. Neil Halfon, Christopher Forrest, Richard Lerner & Elaine Faustman. Springer Cham, 2018.

## TUNGKOL SA MGA AWTOR

Si **CHRISTOPHER BRYAN A. CONCHA** ay nagtapos ng AB Philippine Studies major in Filipino in Mass Media sa Pamantasang De La Salle – Maynila (Magna Cum Laude). Nagwagi siya ng Unang Gantimpala sa 31st DLSU Annual Awards for Literature para sa pagsulat ng sanaysay. Nailathala na ang kaniyang mga sanaysay sa *ANI 40: Katutubo* ng CCP at sa antolohiyang *HAY SKUL* ng Visprint, gayundin ang kaniyang mga papel-pananaliksik sa *DALUMAT E-Journal*. Naging fellow siya para sa pagsulat ng sanaysay sa UST National Writers’ Workshop noong 2019. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang kaniyang Master of Arts in Philippine Studies sa DLSU Manila kasabay ng pagiging research apprentice ng Bienvenido N. Santos Creative Writing Center (BNSCWC).

Si **MARIZ S. AUTOR** ay nagtapos ng Bachelor of Arts/Bachelor of Secondary Education Major in Literature – Filipino Stream sa Philippine Normal University (PNU). Nakapagbasá na siya ng papel-pananaliksik sa mga pambansa at internasyonal na kumperensiya. Nailathala na rin ang ilan sa kaniyang sanaysay sa *Life Today Magazine* at papel-pananaliksik sa *DLSU Research Congress 2019 Conference Proceedings*. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang kaniyang Master of Arts in Philippine Studies sa Pamantasang De La Salle – Maynila.